


# INTRODUKSIYON / INTRODUCTION



# SA SANDALING ISINUSULAT ITO . . .

**ROLANDO B. TOLENTINO,** *isyu editor*

SA SANDALING ISINULAT ito noong 15 Hunyo 2021, ayon sa World Health Organization, mayroong 1,315,639 kumpirmadong kaso ng COVID-19 na may 22,788 ang namatay.[1] May 5,678,991 vaccine doses ang naitalaga noong 4 Hunyo 2021.[2] May 1.68 M naman ang kumpletong bakunado na noong 8 Hunyo 2021 at 2.95 M ang parsyal na nabakunahan na, o 1.5 at 2.7 porsiyento o kabuuang 4.2. porsiyento ang may bakuna pa lang sa bansa.[3] My sad republic talaga.

Sa sandaling isinulat ito, patuloy pa rin ang bungle ups sa health emergency ng pandemiko at ng materialisasyon nito sa lockdown, ECG at GCQ na nagkaroon ng modified na edisyon, matapos ay nanganak pa ng variants na "with heightened restrictions," at "with restrictions," napakabagal na rollout ng vaccination kahit maraming balita na pa-expire

1 World Health Organization, "Philippines: WHO Coronavirus Disease (COVID-19) Dashboard with Vaccination Data," inakses Hunyo 15, 2021, https://covid19.who.int/region/wpro/country/ph.
2 World Health Organization, "Philippines: WHO Coronavirus Disease."
3 Our World in Data, "Statistics and Research: Coronavirus (COVID-19) Vaccinations," inakses Hunyo 15, 2021, https://ourworldindata.org/covid-vaccinations?country=PHL.

na ang maraming mga donasyon, ang patuloy na red-tagging at asulto sa mga progresibong personalidad at organisasyon, patuloy ang pag-alay ng soberanya ng bansa sa Tsina, at lahat ng mamamayan ay duty-bound na umalinsabay sa anumang ipinapagawa at ipinapasayaw ng estado habang sa ibang bahagi ng mundo, may mga bansang wala na o minimal ang insidente ng COVID-19, nakapag-herd immunity na sa dami ng binakunahan, nagbubukas na muli ang mga airport at paglalakbay sa ere, magbubukas na ang Broadway, balik na ang regular na shoots sa produksiyon ng pelikula at telebisyon, at iba pang dating nagagawa sa pre-pandemiko.

Habang tayo rito at ngayon, nakanganga lang, nag-aabang ng kung ano ang diskarte imbis na efisyenteng resolusyon ng gobyernong reliant sa curfew, liquor ban, social distancing, face mask cum face shield, pag-aaresto at pagpapabayad ng mamahaling fines sa mga pasaway para magkanya-kanyang diskarte—lalo na ang mayoryang mahihirap sa pangangalap ng salapi para sa batayang gastusin, ng gitnang uri para magkaroon ng relief sa kuwarentina at lockdown sa bahay, sa mulat na gitnang uri para magpainisyatiba ng tulong at pakikipagkapwa tulad ng matagumpay na network ng community pantries na dapat ay ginagawa ng gobyerno para sa kanyang mamamayan. Iniisip pa lamang ang mahabang mapang-api at mapangdustang kasaysayan sa pag-endure ng pagpasok at pamumuhay tungo sa ikalawang taon ng lockdown, bumibigat ang tipak sa keyboard, tumataas ang presyon, hindi mawari kung bakit wala pa ring katubusan sa kinasadlakan at patuloy na kinasasadlakang predikamento sa pandemikong lockdown ng gobyerno. Ano ang naroon sa dakong paroon? Paano huhugot ng pag-asa at kolektibong gaan at saya tulad ng momentaryong dulot ng tagumpay ng mamamayang inisyatiba ang community pantries kung ang mas mahabang pumapatlang ay mabigat at nakapanlulumo? Sinasambit ko ang "pandemikong lockdown" bilang empasis sa dual na bigat at panlulumo na dulot ng global na pandemiko at pagkadanas nito sa bansa, at sa napakamarahas at inefisyenteng tugon ng gobyerno rito—ang pinakamahaba at pinakastriktong lockdown sa buong mundo.

Writers write in the best of times, in the worst of times. Ang pagsusulat sa sandali ng pandemiko ay akin sa ATM (at the moment) na panulat na sa sandali ng delubyo, rebolusyon, at heto na ngang pandemiko, pinili ng writers na bumalik—lampas sa maiikli at manaka-naka o masigasig na posting ng kanilang saloobin sa social media bilang pangunahing portal ng pagtuklas ng gitnang uri sa mga kaganapan sa labas ng kanilang tahanan sa lockdown—sa mga maaasahang pormang pampanitikan at

> *May ANTAS din ng AKSESIBILIDAD ang marami sa mga akda dahil sa PUNTO DE BISTA ng mga mambabasa, may DIREKTANG HUGOT ito sa naging AKTUWAL na PAGDANAS nila at natin sa PANDEMIKONG LOCKDOWN.*

ibuhos ang kanilang saloobin. At heto na nga, sa ikatlong edisyon ng *Dx Machina* sa kanyang ikalawang taon, patuloy ang mayabong at malamang produksiyong pampanitikan habang at dahil may pandemikong lockdown. Ang mga akda sa isyung ito bagama't gawa ng mga individual na manunulat sa kanya-kanyang mga tahanan ay may kolektibong hamig sa magkakahalintulad at magkakaibang danas sa pandemikong lockdown. May sariling mga pitik at sa isyung ito, marami na ang nagpapatawa o komedi ang gamit para italaga ang mabibigat at nakapanlulumong nagaganap sa lockdown. May antas ng gaan ang mga akdang gumagamit ng patawa at nakapanghihimok ng carnivalesque laughter ni Mikhail Bakhtin na una ay pinagtatawanan ang sarili na pinagtatawanan ang salarin ng katawa-tawang kondisyon, ang mga may kapangyarihan; at ikalawa, sa pagtawa, binibigyan ng ahensiya ang nakababaliw na tumatawa na pagtawanan ang may kapangyarihan; at ikatlo, ang temporaryong pagbabaligtad sa relasyong panlipunan at pangkapangyarihan na ang tumatawang maralita ay pinagtatawanan ang naghahari sa kanila.[4]

May antas din ng aksesibilidad ang marami sa mga akda dahil sa punto de bista ng mga mambabasa, may direktang hugot ito sa naging aktuwal na pagdanas nila at natin sa pandemikong lockdown. Familiar

4 Mikhail Bahktin, *Rabelais and His World* (Bloomington: Indiana University Press, 1968).

> *Ang panulat at pagbasa sa SANDALI ng PANDEMIKO ay may POLITIKAL na TALAS at EFIKASI.*

at familial ang mga karanasang sinasambit ng awtor at binabasa ng mambabasa dahil sa iisang malawak at malalim na bukal ng mundong kinasadlakan humahalaw at humuhugot ang mga detalyeng mumundo sa mga karanasan sa pandemiko. Papasok sa ikatlong taon, familiar ang mga any-any na ipinapatupad ng pambansa at mga lokal na unit ng gobyerno at familial ang internalisasyon ng pagdanas para maibsan ang pagkaburyong, pagkakasakit, kabaliwan, kaguluhan. Nagiging zen masters na ang mga mamamayan sa pang-araw-araw na ehersisyo para maging pulido, efisyente, nakakasapat, at tinatangkang maging maaliwalas ang tugon sa bawat linggo at sandaling may variasyon sa implementasyon ng pandemikong lockdown.

Nananatiling mahalaga ang mga sandali ng pagsusulat at pagbabasa sa gitna ng pandemikong lockdown dahil nagkakaroon ng malikhaing tugon at protesta sa mga katiwaliang nagaganap at nagpapatuloy sa mapanupil na kondisyon ng mamamayan sa pang-araw-araw at sa kawalan pa rin ng direkta at makabuluhang tugon kung paano nga ba matatalo at mapagtatagumpayan ang laban sa pandemiko. Walang akda sa isyu na walang hindi isinasaad na protesta sa panlipunang kaganapan ng aktuwal na sandali ng pandemikong lockdown. Walang akda sa isyu ang hindi naghahanap ng mahahamig na mambabasang publiko para mapamulat o magdagdag ng kamulatan hinggil sa pang-araw-araw at historikal na isyu ng pandemikong sandali sa bansa at mundo. Walang akda sa isyu ang hindi nababagabag sa mga kaganapang sinasambit at nambabagabag sa mambabasa sa kabaga-bagabag nang mga konsern sa pandemikong lockdown.

Ang panulat at pagbasa sa sandali ng pandemiko ay may politikal na talas at efikasi. Ito ay writing at reading against the grain ng mga truth-claim at fake news na isinisiwalat ng estado hinggil sa kalakaran,

pagmumundo sa karanasan ng pandemikong lockdown, at kung gayon ay mga kontraryong pag-angkin (claim) sa ofisyal na diskurso ng pagkamamamayan at pagkanilalang lalo na sa sandaling ito. Ang mga ito ay asersyon na kontraryong aktibidad na may kolektibidad, may panlipunan at politikal na dimensiyon—ang perfektong aktibidad sa lockdown na hindi nagpapahintulot ng hayagan at malawakang face-to-face na engkuwentro—kontraryo sa nais at layon ng estado sa pandemikong lockdown. Bawal ang pagkukumpol sa pampublikong lugar, magprotesta, bawal ang lampas sa kung anong porsiyento ng upuan sa simbahan, restaurant, lamay, pag-ehersisyo sa publiko, at iba pa depende sa intensidad ng protocols, bawal lumabas ang senior citizens at lahat na ang edad ay 18 pababa, bawal ang mga aktibidad lampas sa essentials at kahalintulad na negosyo, at iba pa—at sa mas direktang ehersisyo ng kapangyarihan, bawal din kuwestiyunin ang kapangyarihan.

Hindi naman sinasabing Marxistang may makauring dimensiyon ang mga akda, na red flag na naman para ma-red-tag ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Ang panlipunang dimensiyon ng akto ng pagsulat, paglathala, pagbasa ng mga akda na may kontraryong isinasaad at saloobin laban sa naghaharing isinasaad at saloobin ng estado na tulad ng isinasaad ng konseptwalisasyon ni Augusto Boal na theater of the oppressed, ang proseso ng pagtatanghal ng produksiyong panteatro ay pag-eensayo sa rebolusyon.[5] Ang paggaganyak sa at aktibidad ng malikhain tugon tulad ng panitikan at teatro ay mahahalintulad sa mga negosyasyon at pagbabalikwas sa aktuwal na relasyong panlipunan: na ang hindi matuwid at makatarungang kondisyon at panlipunang relasyon ay napipino at napipinto sa mga yugto ng produksiyon ng paglikha at panonood o pagbasa sa akdang sining tungo sa mga ensayo at ehersisyo ng pagbabago at pagbabalikwas na tungo naman sa aktuwalisasyon nito sa labas ngunit nakakawing sa loob ng malikhaing tugon.

Ang hindi nakikita (invisible) ay ginagawang nakikita (visible) sa malikhaing tugon ng akdang panitikan at sining. Ang panulat—pag-akda at pagbasa—kung gayon ay rendering visible the invisible sa politika at lipunan na ang mga nilikhang hindi makatarungan at normal at normatibo sa mayoryang mamamayan na sa malawakang reiterasyon at ritualisasyon sa pang-araw-araw ay hindi na namamalayan ang makinasyon ng mga estruktura ng kapangyarihan ay isinisiwalat sa

5 Augusto Boal, *Theater of the Oppressed* (London: Pluto Press, 2000).

*Ang PAGTANGLAW ay hindi lamang pagbubuyangyang sa mga hindi na kinakailangang MAGTAGO sa DILIM kundi PAGSISIWALAT din ng KUKO ng LIWANAG.*

panitikan at sining sa isang defamiliarisadong paraan para matunghayan ang mga estrukturang naglalahad ng kondisyon ng ating pandudusta at pagkamangmang. Ito sa aking palagay ang kapangyarihan ng panitikang ATM sa pandemikong lockdown: ang visibilizing power na buksan ang ilaw sa kadiliman para matunghayan ang mga figura, relasyon, texto at kontextong sumisiil at kumikitil sa individual at kolektibong buhay, o palawakin ang nakikita, natutunghayan, naaninag para sa kahilingan ng transparensi at akawntabilidad sa dilim ng pandemikong lockdown.

Ang pagtanglaw ay hindi lamang pagbubuyangyang sa mga hindi na kinakailangang magtago sa dilim kundi pagsisiwalat din ng kuko ng liwanag. Ito ang politika ng pag-asa (politics of hope) na inihahayag din sa panulat at malikhaing pagtugon sa pandemikong lockdown na dahil nakapagsusulat pa, nakapaglalathala at nakababasa pa ng kontraryong pag-aakda sa kasalukuyan, may timyas ng pag-asa tungo sa pagbabago sa hinaharap. Ang tagumpay ng nekropolitika sa kasalukuyan ay hindi forever dahil sa panulat at malikhaing pagtugon natitinag itong kapangyarihan na hindi ito homogenous at absoluto, natitinag dahil katinag-tinag, natitinag kahit sa aktuwal na kaayusan ay hindi naman mukhang natitinag pero may dokumentong sining na tugon sa pagnanasa at adhikain ng mga individual na manunulat na kolektibong nagtagpo sa isyu at sa mabubuong mambabasang publiko na nagsasabing kung hindi man (otherwise).

Nagbubukas ang isyu sa seksiyong "Patikim sa Pandemikong Karahasan/ Prequel to the Pandemic Violence" na patotoo na hindi naman nahihiwalay

na kaso ang pandemikong karahasan na tulad ng pandemiko ay bigla na lamang nagbuyangyang ng kanyang presensiya noong Disyembre 2019 sa naging historikal na pagdanas ng karahasan o fasismo ng estado bago pa man nagpandemiko. Sa maikling kuwentong "Gayvaxia" ni DJ Ellamil tinatanggal ang bakuna mula sa korapsyon ng mga ofisyal na nagdulot ng maaaring daan-daang musmos na namatay dulot ng komplikasyon sa dengvaxia vaccine na ni-rollout sa mga eskuwelahan noong 2018.[6] Ginagawa itong katawa-tawa at nasa poder ng gay fantasy kahit pa sa kontexto ng mga bakuna ng COVID-19 ay tila pumapaimbalot na naman muli pero mas malakihan sa makinasyon ng korapsyon at katiwalian. Sa "Nalalanta rin ang mga Luntiang Dahon" ni Mubarak M. Tahir, ang mahabang kasaysayan ng tunggalian ng mga Muslim at estado sa Mindanao ay nagsisiwalat pa rin ng kontemporaneong tunggalian sa pag-ibig, tradisyon, kultura ng militarisasyon at relihiyon, at iba pa. Long-playing album ang korapsyon at tunggalian sa Mindanao pero sa kontexto ng bago at kasalukuyang pandemikong lockdown, nagpapahiwatig na hindi naman nawawala ang mga ito.

Marami sa seksiyon ng "Tula/Poetry" ay spekulatibo sa sabayang kontemporaneong pagdanas at sa alternatibong posibilidad ng pagdanas sa pandemikong lockdown. Sa "Kuwarantina Jazz" ni Randy Q. Villanueva ay sumisilo sa free style ng live jazz performance na mapaglaro sa rendisyon batay sa hamig at hapit ng sandali ng pagtatanghal na tulad sa free association ng mental health patient ay hinahayaan lamang magkuwento at magsiwalat ng detalye para tangkaing buuin ng nakikinig at nagtatanong na psychiatrist. Sa tula, ang mambabasa ang hinahamig na magbuo ng mundo at ritmong isinisiwalat nito hinggil sa kuwarentina. Sa "Mga Babala sa Hari Hinggil sa Pagtugon sa Pandemya at Iba Pang Tula" ni Elbert O. Baeta, isinisiwalat ang mga dapat at hindi dapat gawin at isipin sa pandemya na mala-Urbana at Felisa sa litanya ng dekorum at angkop na pag-uugali. Sa "Country Underwater" ni Alfonso Manalastas, ang lirisismo ng absurdismo ng pandemiko ang inilalatag na tila walang sentimentalismo gayong mistulang elehiya ang mga tula sa mga karanasan at nilalang na pumanaw na tulad ng multo ay paratihang nagpaparamdam kahit hindi manaka-nakang nagpapakita. Sa "Pagbukas Muli ng mga Litrato ng Pagbisita" ni Eric Abalajon, mga litrato sa photo album ang inilalantad na pagninilay-nilay sa pagdanas ng pandemiko sa Panay at tulad ng mga naunang litrato, curated ng may-ari ng album at protektado ng photo album, maaaring nakalagay sa sala

6 Augusto Boal, *Theater of the Oppressed* (London: Pluto Press, 2000).

para matunghayan ng mga dumadalaw para mabuklat at mareafirma ang identidad at pagkanilalang ng may-ari nito, ang mga tula ay reafirmasyon ng pagkatao at pagkanilalang ng makata sa nagbabagong-turing at mundo ng pandemiko. Ang posisyonalidad ng ina sa binomba at hindi na muling ibinangon na Marawi City ang fokal na saliw ng "Ina sa Gitna ng Pandemya at Iba Pang Tula" ni Almayrah A. Tiburon, na mga tradisyonal, matikas, at marangal na tula kontraryo sa kinasadlakan ng kanyang lugar at panahon ng giyerang lalong pinatingkad sa pandemiko.

Bagama't pumapaimbalot sa lungkot at pighati ang mga akda sa "Personal na Sanaysay / Creative Nonfiction," may hindi matatawarang tindig at paninindigan ang mga ito sa paglalahad ng mga detalye at kuwentong hugot sa aktuwal na naganap at pagninilay ng mga awtor sa mga ito. May masaklaw na overwhelm sa paglalantad ng sanaysay at ng sarili ng mga awtor, humbled sa kanilang pagdanas sa pandemiko, at humbling sa mambabasang marami ay walang direktang maiambag sa problematikong laban sa pandemiko ng estado. Sa "The Frontliners: Coat of Arms" ni Sue Ann Locnen, may pagka-superhero ang imahen ng uniporme ng medical frontliner at ang figuratibong pagsusuot nito sa ospital para magbigay ng kauukulang atensiyon sa mga pasyente at kasamang kapwa, ang mas mahirap na pakikipagkapwa-tao sa peligrosong panahon, at ang pagbubuo at pagkawatak-watak ng sarili bilang nasa mata ng daluyong. Isyu ng sektor ng guro at edukasyon ang inilalahad ng "Talahulugan ng Kaguruan" ni Patrick Ernest C. Celso at sa pagtukoy at pagpapaamo sa abot ng kinakaya ng bagong animal ng pandemiko—ang online learning. Ang hayagang espekulasyon sa mababang kalidad ng buhay sa pandemiko at maraming pagkakataong nasa anino at bingit ng kamatayan ang inilalahad sa "Kung Ano ang Maiisip Ko bago Mamatay" ni Emmanuel Jayson V. Bolata. At sa "The Plague Year" ni Karl R. de Mesa ay photo at textong dokumentasyon ng buhay at kawalan ng buhay sa mga sityo at eskinita ng Makati City. Patunay ang mga awtor ng personal na sanaysay ng pagsaksi at pagkilos via panulat sa gitna ng delubyo ng pandemikong lockdown kahit pa at dahil nga sa precarity ng individual at kolektibong buhay sa ganitong abang kondisyon. Patunay din ng pagpili sa politika ng buhay ng mga awtor at hindi pagkalugmok sa politika ng kamatayang hinahamig ng estado para sa kanyang mamamayang ginagamit na mga pawn sa pagpapaigting pa ng neokonserbatismo at reaksiyonismo sa neoliberalismo.

Mapagnilay din ang mga akda sa seksiyong "Kuwento/Story" na imbis na ang usual na nagkukuwento ng mga kaganapan ay sa marami sa mga

> *Patunay din ng PAGPILI SA POLITIKA ng buhay ng mga awtor at HINDI PAGKALUGMOK SA POLITIKA ng kamatayang hinahamig ng estado para sa kanyang mamamayang ginagamit na mga pawn sa pagpapaigting pa ng NEOKONSERBATISMO at REAKSIYONISMO sa NEOLIBERALISMO.*

akda, nagninilay sa kaganapan para makabuo ng kuwento ng sandali sa pandemiko kundi man ng mga elemento ng mood at tagpuan ng sandali. Ang "Mensahe Ngayong Semana Santa at Iba Pang Dagli" ni Michael Francis Andrada na tulad ng snap shots kay Abalajon ay pagtatangkang bumuo ng isang kuwentong sasakto sa pandemikong sandali sa pamamagitan ng serialidad ng maiikling dagli. Sa "Mino" ni Julian dela Cerna, ang dobleng prekaryosong buhay sa Davao City at Mindanao sa pandemiko ay nagluluwal ng mga sensitibong detalye sa pang-araw-araw na tumutukoy sa volatile na karahasang maaaring pumutok sa anumang sandali. Kung bawat sandali kay dela Cerna ay pumpon ng mitsa ng karahasan, para sa "Kuwento Bawat Kuwarto" ni Michaela Ann A. Gonzales-Montalbo, ang bawat sulok, espasyo ng mga kuwarto sa ospital ay mitsa ng pagkadusta at pagpupursiging maging tao at makatao sa pandemiko. Gayong sa "Mañanita" ni Mark Angeles, walang pagtitika at tunay na paghingi ng kapatawaran ang nililikhang sityo at sandali ng mga nasa kapangyarihan, pinapailanlang parati at mas skandaloso ang kultura

ng impunidad o kawalan ng takot dahil may katiyakan na hindi naman mapaparusahan sa estruktura ng dispensasyon ng katarungan sa bansa. Stream of consciousness naman na online shopping ang nagbabalik sa trajektori ng kuwento ang "The Devil Bought Online" ni R. Joseph Dazo na modernistang tangka, na tulad sa free association at freestyle ay ang pumapaimbalot na detalye sa sanga-sanga at ugat-ugat na direksiyong nagdudulot ng interiorisasyon ng punto de bista ng nagkukuwento o kung paano ba mabuhay sa sandali ng pandemiko.

Ang nawawalang labas o outdoors sa pagkakulong sa bahay ang sandali at tagpo ng "The Great Out-Doors" ni Nimai Albano na isa ring rinendahang stream of consciousness na pagluluwal ng malawak na artikulasyon ng detalye at dagli gayong nakakahon naman ang existence sa kanyang bahay. Spekulatibong katha ang "Nang Mahulog ang mga Ibon" ni Kisha Abuda na hindi naman nagtatago sa alegorya ng piste ng mga ibon at ng pandemiko sa mga tao sa dami at saklaw ng naapektuhan, nagkasakit, at nangamatay. Ang tatlong huling kuwento ay ukol sa sexual na pagnanasa at politika sa pandemiko, mga bagong paksain sa sanga ng ikinukuwento na marahil ay isang indikasyon na dahil kumportable na ang gitnang uri sa pandemiko, may kanya-kanya na ring sityo sa panitikan at sining na nailalaan para sa erotisismo, kalabisan at kawalan ng sexual at kasariang identidad at oryentasyon sa pandemiko. Sa "Si Joy at si July" ni Mar Anthony Simon dela Cruz, ang mayroon pinagpapala, ang wala nakanganga pero paano ang LDR (long-distance relationship)? Sa "Kung Iibig Ka sa Panahon ng Pandemya" ni Nonon Villaruz Carandang, may mga babala at panandang-bato sa tunay na monumental na pag-ibig sa panahon ng pandemiko. Sa "Serbis" ni Gabriel Mari Oblefias, may hinggil sa sex at sexual practices sa pandemiko. Sa tatlong mga kuwento, walang pagtitimpi dahil sa pre-pandemiko, pinagtitimpian naman ang overt display of affection sa publiko kaya sa pandemiko, matatapang ang salita at wika, na simtomatiko sa pagpapatahimik sa politikal na pakikipagtunggali at pagtanggap ng kamangmangan ng isip at katawan, ng sex, at pagnanasa.

Ang pagsulat na makabuluhan ay pumupusta sa hinaharap na ang kasalukuyang isinusulat ay hindi lamang lampas pa sa kasalukuyang henerasyon ng mambabasa kundi nilalayong tumatagos sa mga mambabasa at mambabasang publiko sa hinaharap. Tulad ng anarkistang nobela ni Jose Rizal na *El Filibusterismo* na bagama't matapang na tumatalakay sa kanyang ATM na panahon at lipunan ay tumataya ang pinakatinatamong makakamit na kalayaan—ang mga kaban ng alahas

*Ang tatlong huling kuwento ay ukol sa sexual na pagnanasa at politika sa pandemiko, MGA BAGONG PAKSAIN SA SANGA NG IKINUKUWENTO na marahil ay isang INDIKASYON na dahil kumportable na ang gitnang uri sa pandemiko, may kanya-kanya na ring sityo sa panitikan at sining na nailalaan para sa EROTISISMO, kalabisan at kawalan ng sexual at kasariang IDENTIDAD at ORYENTASYON sa pandemiko.*

sa kahon na itatapon ni Padre Florentino sa karagatan para matuklasan at magamit ng susunod na henerasyong handa na sa pakikibakang ito.[7] Kaya nananatiling makabuluhan ang pesimismong sinasambit ng mga nobela ni Rizal para sa hinaharap, sa utopia ng pagtatamo ng tunay na kalayaan para sa bansa at sa mayoryang mamamayan, ay mabago at bumuti ang turing sa nakaraan.

Sa pelikulang *Machine no Owari ni* (*After the Matinee*, Hiroshi Nishitani, Japan, 2019) na batay sa nobela ni Keiichiro Hirano, ang klasikal na gitaristang lalaki ay napaibig sa reporter na babae sa unang pagkikita

7 Jose Rizal, *El Filibusterismo* (Ghent: F. Meyer van Loo Press, 1891).

pa lamang.[8] Sa ikalawang pagkikita, naghain na ito ng pag-ibig na magpapaisip sa babae at magpapahiwalay sa kanyang fiance. Sa sandali ng kanilang dapat na pagtatagpo na formal na deklarasyon ng kanilang pagkakaisang relasyon, may emergency na kailangan tugunan ang lalaki, naiwan sa taxi ang cell phone na naibalik ng kanyang manager na babae na sinabotahe hindi lamang ang pagtatagpo kundi ang pagkakaisa. Babalik ang babae sa kanyang fiance, magpapakasal, magkakaanak pero hindi makakalimutan ng lalaki ang ginawa sa kanya ng babae. Ang gitarista naman, mapapangasawa ang manager at magkakaanak sila kahit pa hindi na muli itong makapaggitara pa. Nang mamatay lamang ang guro ng lalaki sa gitara, naging bahagi ito ng CD tribute para sa master. Para matiyak ang comeback ng gitarista, nagtapat ang manager sa babae na nagdidiborsyo na sa asawa, at kung maaari itong manood ng matinee para manumbalik ang nawalang kumpiyansa ng gitarista. Nagsabi lang ang babae sa manager na paalam at sana ay magtuloy ang kaligayahan niya. Nagtuloy ang konsiyerto at nakita ng gitarista ang babae, at matapos nito, sa parke nagtagpo ang kanilang paningin at humayo para muling makaniig ang isa't isa.

Ang diin ng pelikula dahil may ilang ulit itong sinambit ay ang relasyon ng hinaharap at nakaraan. "People think that only the *future* can be changed, but in fact, the *future* is continually changing the *past.*" Dahil happy ending ang hantungan ng adult romance na pelikula, mababago na ang tingin nila sa kanilang mabigat at nakapanlulumong nakaraan. At ang mabigat at nakapanlulumong pagdanas sa kasalukuyan ay alam nilang maaaring mabago kung mababago ang kahihinatnan nito sa hinaharap. Kaya pumupusta sa hinaharap ang kasalukuyan na nagsulat in retrospect sa nakaraang pagdanas ay para ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ay maikonekta at gunitain iba sa paglimot at pagbubura ng estado, para ang lungkot at pighati ng nakaraan at kasalukuyan ay mabago sa hinaharap, para ang ginhawa at tagumpay sa inaakdang nakaraan ay magbigay-linaw sa nakaraan.

Sa sandaling isinusulat ito, nasa gitna na tayo ng Year 2 ng pandemikong lockdown at sa lahat ng indikasyon, tutungo sa Year 3. Heto sa isyu ang mga panitikan ng kasalukuyang pighati at dalamhati sa pandemikong lockdown at nawa'y ang susunod na mas higit na pagbubukas ng pampublikong kamalayan sa sana ay malapit nang hinaharap, sa susunod na henerasyong makakabasa nito, ganito kami noon, paano kayo ngayon?

8 Hiroshi Nishitani, *Machine no Owari ni* (*After the Matinee*) (Japan: Kadokawa Daiei Studio, 2019).

